# M2216

*Posted on 14.05.2024 by Adam Parnell*

**Category:** General maritime

**Report Title**Hindi angkop na pressure sa master

### Initial Report

Ang master ng isang malaking barko ay nakatanggap ng hindi pangkaraniwang instruksyon mula sa charterers kaugnay ng pre-arrival reporting sa mga awtoridad.

Ang barko ay naglayag na may pinsala ang dalawang angkla nito, ang isa ay higit pa kaysa sa isa. Ang dispensasyon na maglayag ay pinayagan, at isang kondisyon sa class nito ang ipinataw sa barko. Ang bagong mga angkla ay ibibigay sa barko sa kasunod na port.

Inabisuhan ang master na huwag banggitin ang dispensation letter sa port authorities sa susunod na port, dahil ang paghahayag ng tunay na kalagayan ng mga anchors ay mangangailangan ng isang tug escort sa berth.

### Comment

Ang dispensation letter ay kadalasang one-off temporary permit upang makapaglayag sa kasunod na port, kung saan ang spare parts o ang mga kapalit para sa teknikal na problema ay maaaring maiwasto. Ang mga awtoridad na nagbibigay ng dispensation letter, kadalasan mula sa class society, ay ginagawa ito base sa risk assessment. Tulad nito, kinakailangan ipaalam ito sa kasunod na port sa pre-arrival information exchange. Ang dispensation letter ay isang lifeline, na nagbibigay ng pansamantalang reprieve sa gitna ng mga teknikal na mga hamon.

Kailangang pagsumikapan ng Master ang kanilang overriding authority upang mapagaan ang mga panganib. Ito ay isang legal na requirement, at ang pressure na gumawa ng alinmang taliwas sa kaligtasan ay dapat tanggihan. Iminumungkahi namin na kapag may ganitong kahilingan na natanggap ay ikonsulta ng master sa DPA ng barko, nang nakasulat.

Dahilan sa lubusang kawalan ng anchoring efficiency ng isa sa mga angkla, ang paggamit ng escort tug ang wastong mitigation measure sa isang higher-risk port area upang matiyak na ligtas ang pagdaan sa berth.

Dagdag pa dito, ang hindi pagsunod sa kinakailangan ng dispensasyon ay maaaring makapagpawalang bisa sa insurance cover ng barko kung sakaling magkaroon ng insidente. Ang pag-cut corners ay may maraming kahihinatnan – isang maling hakbang lang ay maaaring mawala

ang insurance coverage, na magdudulot sa barko na maging mahina sa mga legal na isyu.

Sa huli, sa isang insidente na kung saan ang angkla ay kinakailangan ngunit hindi gumagana, at hindi napaalam sa port, ang kumpanya ay maaaring kasuhan ang kumpanya dahil sa hindi pag-abiso.

Kapag may duda, i-escalate.  Ang tungkulin ng master ay hindi lang basta i-navigate ang barko, kungdi pati i-navigate ito sa maze ng mga regulasyon, na tinitiyak na ang bawat desisyon ay may pangako ng kaligtasan.   Ang commercial na halaga ng paggamit ng escort tug ay hindi dapat makahadlang sa kaligtasan ng barko.

Walang kompromiso sa maritime operations: kinakailangang laging unahin ang kaligtasan.

### Key Issues

**Preyson –** Ang labis na pressure na matiyak na ang mga commercial cost at operational deadline ay natutugunan ay isang mapanganib na human factor na nakakalikha ng hindi kinakailangang pagdududa at makaapekto sa pagpasiya ng taong gumagawa ng kritikal na safety decisions.

**Kultura –** Ang koneksyon ng chartering team sa kaligtasan ay mababa, at ang ship management team ay hindi sumuporta sa pagiging bukas ng master na i-ulat ang dispensation sa port authorities at ang mga panganib na naka-outline sa dispensation letter.

**Teamwork –** Ang organisasyon ay lumilihis ng direksyon, kaya nakokompromiso ang kaligtasan. Habang binabasa ang ulat na ito, nararamdaman mo ba na minsan nangyari na ito sa iyo?

**Mga Lokal na kasanayan –** Sundin ang wastong legal requirements bilang Master at isulat ang inyong mga concerns.   Makipag-ugnayan sa DPA.  Ang mga pinansyal na gagastusin sa paggamit ng anchor na hindi gumagana at pagdiskubre sa sitwasyon na hindi ipinapaalam sa port arrival information ay magiging mas maraming beses na magastos kaysa sa tug escort fees.